Alert.seattle.gov/shelterinplace [Alert.seattle.gov/silungansakinaroroonan]

Ang Mga Pangyayari: Naglabas ang mga awtoridad ng isang shelter-in-place order (utos na magkubli sa kinaroroonan) para sa ilang pamayanan sa Seattle. Nangangahulugang dahil sa mga kalagayan, mas ligtas na manatili sa inyong kinaroroonan at iwasan ang anumang mga posibleng peligro sa labas. Maaaring walang maagang maipagkakaloob na impormasyong makakapagbigay ng karagdagang detalyes tungkol sa kung anu-ano ang nangyayari.

Ano ang dapat gawin:

- Maging handang manatili sa loob ng bahay o gusali. Ipasok ang inyong pamilya at mga alagang hayop. Isara at ikandado ang lahat ng mga pinto, bintana at fireplace damper. Maglagay ng mga tuwalyang bahagyang basa sa threshold (mga puwang sa ibaba) ng mga pintuan at iba pang mga bukasan kung saan maaaring pumasok ang hangin mula sa labas.
- Patayin ang mga bentilador, air conditioning at forced air heating system.
- Maging handang gamitin ang maaaring gamitin na nandoon na upang maselyuhan ang mga puwang nang sa ganoon hindi kayo malalantad sa hangin mula sa labas.
- Manatili hanggang makakuha ng balita mula sa mga awtoridad na ligtas lumabas sa bahay o gusali.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://www.kingcounty.gov/safety/prepare/residents-business/PersonalPreparedness/ShelterInPlace.aspx

http://www.ready.gov/shelter

http://emergency.cdc.gov/preparedness/shelter/